**Kawanihan ng Alternatibong Sistema sa Pagkatuto**
Kagawaran ng Edukasyon
3/F Mabini Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines
Tel. No.:(02) 635-5188, Fax No.: (02) 635-5189

1

# Basic Literacy Learning Material



**Bureau of Alternative Learning System**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**

# Laging Handa sa Panahon ng Sakuna

## Gabay ng Tagapatnubay

Karapatang-Ari 2013
**Bureau of Alternative Learning System**
**Department of Education**

Pag-aari ng Kawanihan ng Alternatibong Sistema sa Pagkatuto, Kagawaran ng Edukasyon ang modyul na ito. Ang alinmang bahagi nito ay hindi maaaring ilathala o kopyahin sa anumang paraan o anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa organisasyon o ahensiya ng pamahalaang naglathala.

Inilathala sa Pilipinas ng:

Department of Education
Bureau of Alternative Learning System
3/F Mabini Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines
Tel. No.:(02) 635-5188, Fax No.: (02) 635-5189

### Aralin 1

# Paghahanda sa Panahon ng Bagyo

### Pagkamaagap, Pagkamaingat, at Pagiging Malakas ang Loob

## I. MGA LAYUNIN

| | | |
|---|---|---|
| Pakikinig | : | naibabahagi ang mga impormasyong napakinggan |
| Pagsasalita | : | naipaliliwanag sa sariling palagay ang ipinakikita ng mga larawan |
| Pagbasa | : | nakababasa ng mga salita, parirala, at payak na pangungusap |
| Pagsulat | : | nakakokopya at nakababakat ng mga salita |
| Paglutas ng Suliranin | : | nakabibilang nang mula isa (1) hanggang limampu (50) |

Laging handa

## II. PAKSA

A. Aralin 1 : Paghahanda sa Panahon ng Bagyo

Pangunahing Kasanayan sa Pakikipamuhay:
Kasanayan sa mabisang komunikasyon, kritikal na pag-iisip, at paglutas sa suliranin

B. Mga Kagamitan: modyul, larawan at *cassette recorder*, tsart, at mga tunay na bagay

## III. PAMAMARAAN

A. Panimulang Gawain

1. Pagganyak

   - Pag-aralan ang larawan sa pahina 1.
   - Ipalarawan ang nakikita sa mga mukha ng mga tao sa larawan.
   - Itanong: Bakit kaya?

2. Paglalahad

   - Pabuksan ang modyul sa pahina 2, Pakinggan Natin.
   - Iparinig ang isang balita na nagbibigay ng babala tungkol sa bagyo. (Babasahin ng guro ang balita.)
   - Itanong:
     Tungkol saan ang balitang inyong narinig?
     Gaano raw kalakas ang bagyo?
     Anong lugar sa ating bansa ang tinatahak ng bagyo?

3. Pagtalakay

   - Pabuksan ang modyul sa Pag-usapan Natin sa pahina 3.



- Ipasabi kung ano ang nakikita sa larawan.

- Itanong:
  - Ano-ano ang ginagawang paghahanda ng mga tao kung nakarinig ng balita tungkol sa bagyo?
  - Papag-aralan ang mga larawan.
  - Ipaisa-isa ang mga paghahandang ginagawa.
  - Itanong:
    Ganito rin ba ang mga gagawin ninyong paghahanda? Oo o hindi? Kung hindi, ano ang inyong gagawin?
  - Magkaroon ng malayang talakayan.
  - Pabuksan ang modyul sa "Basahin Natin" sa pahina 7.
  - Ipasabi kung ano ang nakikita sa larawan.
  - Itanong:
    Kailan natin ginagamit ang mga bagay na ito?
  - Basahin ang mga pangungusap o pahayag. Ipaulit kung kinakailangan.
  - Pabuksan ang modyul sa Kilalanin Natin sa pahina 9.
  - Ipabasa ang mga pantig, parirala, at salita.
  - Ipasuri ang mga baybay at bilang ng mga pantig.
  - Maaari ring ipagamit sa pangungusap ang mga binasang salita.

4. Paglalahat

- Itanong:
  Ano-anong kagamitan o bagay ang dapat nating ihanda sa panahon ng bagyo? Isa-isahin.
  Paano natin paghahandaan ang pagdating ng bagyo?

- Ipabasa ang Tandaan Natin, pahina 10.

5. Paglalapat

- Pasagutan ang gawain sa Subukin Natin sa pahina 11-13.
- Iwasto ang sagot sa tulong ng tagapatnubay.
- Bigyan ng pagsasanay ang mga mag-aaral sa pagsulat at pagkukwenta.
  A. Pagsulat
- Magpabasa ng mga salitang hango sa aralin.
  Halimbawa
  payong kapote
- Magpakita ng halimbawa ng pagsulat ng mga salitang binasa.
- Bigyan ng pagkakataon ang bawat mag-aaral na makapagsulat sa pisara kahit isang letra o salita.
- Bago pasulatin ang mga mag-aaral sa modyul, ipaliwanag ang mga dapat tandaan sa pagsulat. Magbigay rin ng halimbawa sa pagsulat nang pabakat.



- Pabuksan ang modyul sa Pag-aralan Natin sa pahina 16-17. Ipagawa ang mga pagsasanay.

B. Pagkukwenta

- Itanong
  Mayroon ba kayong radyo sa inyong bahay? Napansin ba ninyo kung baterya ang kadalasang ginagamit dito? Halimbawang tatagal ang bagyo ng dalawang araw, ilang kilo ng bigas ang inyong ihahanda o itatabi?
- Isulat sa pisara ang iba't ibang sagot ng mga mag-aaral.
- Magpakita ng *flash cards* na may bilang mula 1-50.
  Ituro ang pagkakasunod-sunod.
- Pangkatin ang mga mag-aaral sa lima.
- Ipaayos ang mga numero nang sunod-sunod.

| | | |
|---|---|---|
| Pangkat 1 | : | 1-10 |
| Pangkat 2 | : | 11-20 |
| Pangkat 3 | : | 21-30 |
| Pangkat 4 | : | 31-40 |
| Pangkat 5 | : | 41-50 |

- Pabuksan ang modyul sa Pag-aralan Natin sa pahina 17-18. Pasagutan ang mga tanong at gawain.

## IV. PAGTATAYA

- Pasagutan ang Alam Mo Na Ba? sa pahina 19-26. (Bigyan ng sapat na oras ang mga mag-aaral upang sumagot sa gawain).
  - Iwasto ang mga sagot. Gamitin ang Susi sa Pagwawasto, pahina 29-30.

## V. KARAGDAGANG GAWAIN

- Gumawa ng isang islogan kung paano maiiwasan ang sakuna sa panahon ng bagyo. Isulat sa kartolina.
- Basahin at ipaliwanag ang ginawa sa susunod na pagkikita.



**Aralin 2**

# Paghahanda sa Panahon ng Baha

**Pagkamaagap, Pagkamaingat, at Pagiging Malakas ang Loob**

## I. MGA LAYUNIN

| | | |
|---|---|---|
| Pakikinig | : | naipaliliwanag ang mensahe ng diyalogong narinig |
| Pagsasalita | : | nasasabi ang sariling palagay sa mga larawang pinag-uusapan |
| Pagbasa | : | nababasa ang mga salita, parirala, at pangungusap |
| Pagsulat | : | nakakokopya at nakababakat ng mga salitang may tatlong letra at pantig |
| Paglutas ng Suliranin | : | nakabibilang nang mula 51 hanggang 100 |

| Laging handa |
|---|

## II. PAKSA

A. Aralin 2: Paghahanda sa Panahon ng Baha

Pangunahing Kasanayan sa Pakikipamuhay: kasanayan sa mabisang komunikasyon, kritikal na pag-iisip, at paglutas sa suliranin

B. Kagamitan: modyul, diyalogo, larawan, tsart, mga tunay na bagay

## III. PAMAMARAAN

A. Panimulang Gawain

1. Balik-Aral (Dula-dulaan)

   - Ipakita sa buong klase ang mga ginawang islogan ng mga mag-aaral.

   - Hayaang ipaliwanag ng bawat mag-aaral ang kanilang ginawang islogan na tumutukoy sa paghahanda sa panahon ng bagyo.

2. Pagganyak

   - Ipakita ang larawan sa "Paghahanda sa Panahon ng Baha" sa pahina 27.

   - Itanong:
     - Ano-ano ang nakikita sa larawan?
     - Bakit mahalaga ang paghahanda sa baha?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

   - Babasahin ng tagapatnubay ang diyalogo sa Pakinggan Natin sa pahina 28.




   - Itanong:
     - Sino-sino ang tauhan sa narinig ninyong usapan?
     - Bakit hindi mapakali si Aling Minyang?
     - Ano ang kinatatakutan nilang mangyari?

   - Pabuksan ang modyul sa Pag-usapan Natin sa pahina 29-30.

   - Itanong
     - Ano-anong paghahanda sa panahon ng pagbaha ang ipinakikita sa larawan?

   - Maaaring gumawa ng isang *web* upang maitala ang mga sagot ng mga mag-aaral.

2. Pagtalakay



- Ipasulat sa *web* ang mga paraan ng paghahanda.
- Talakayin at hayaang ipaliwanag.
- Itanong:
  - Sa inyong palagay ano-anong bagay o kagamitan ang dapat nating ihanda kapag may baha?
  - Bakit kailangan makinig o magbasa ng mga balita?
  - Nakaranas na ba kayo ng ganitong sitwasyon? Ano ang inyong ginawa?
- Pabuksan ang modyul sa Basahin Natin sa pahina 31-36.
- Ipabasa ang mga nakasulat (*echo reading*)
  a. salita
  b. mga pantig
  c. parirala
  d. pangungusap
- Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbasa.

3. Paglalahat

- Itanong:
  Sa isang pangungusap, ipaliwanag mo kung ano ang iyong gagawin sa panahon ng pagbaha.
- Ipabasa ang Tandaan Natin sa pahina 37.



4. Paglalapat

- Pasagutan ang Subukin Natin sa pahina 38-39.
- Suriin ang mga sagot gamit ang "Susi sa Pagwawasto sa pahina 30-31 sa tulong ng Tagapatnubay.
- Bigyan ng pagsasanay sa pagsulat at pagkukwenta ang mga mag-aaral.

A. Pagsulat

- Ipabasa ang mga salitang may kaugnayan sa paksa.
- Tumawag ng isang mag-aaral at ipasulat ang salita sa pisara.
- Gabayan ang mag-aaral sa pagsulat nang pabakat.
- Itanong:
  Ano-ano ang dapat tandaan sa pagsulat o pagbakat ng mga salita?
- Pabuksan ang modyul sa "Isulat Natin" sa pahina 40-41.
- Gabayan ang mag-aaral sa pagsulat ng mga salita,
- Suriin ang mga isinulat.

B. Pagkukwenta

- Itanong:
  - Sa inyong palagay, ilan ang kabahayan sa inyong barangay? May mga naaapektuhan ba rito ng baha?

- Kung may pagbaha, mahalagang mapakuluan ang tubig na iinumin. Mga ilang minuto dapat pakuluan ang ating inuming tubig?
- Ipasulat sa pisara ang mga isinagot na bilang ng mga mag-aaral? Ipabasa.

- Ipakita ang *flash card* ng numero mula 51-100.
- Ituro ang pagkakasunod-sunod nito.

(Laro)

- Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat.
- Papilahin ang mga mag-aaral nang sampuan sa bawat pangkat.
- Isaayos ang mga bilang na ibinigay sa bawat pangkat.

| | | |
|---|---|---|
| Pangkat 1 | : | 51-60 |
| Pangkat 2 | : | 61-70 |
| Pangkat 3 | : | 71-80 |
| Pangkat 4 | : | 81-90 |
| Pangkat 5 | : | 91-100 |

- Ipagawa ang Pag-aralan Natin sa pahina 42-43.

## IV. PAGTATAYA

- Pasagutan ang Alam Mo Na Ba? sa pahina 44-47.
- Ipaliwanag ang bawat panuto.



- Bigyan ng sapat na oras ang mag-aaral sa pagsagot.
- Iwasto ang mga sagot ng mag-aaral gamit ang Susi sa Pagwawasto.

## V. KARAGDAGANG GAWAIN

- Gumawa ng isang poster na may babala sa pagdating ng baha.
- Ipaliwanag sa susunod na pagkikita.

## Aralin 3

# Paghahanda sa Panahon ng Lindol

### Pagkamaagap, Pagkamaingat, at Pagiging Malakas ang Loob

## I. MGA LAYUNIN

| | | |
|---|---|---|
| Pakikinig | : | naipaliliwanag ang mensahe ng tulang napakinggan |
| Pagsasalita | : | nasasagot ang mga tanong sa tulang napakinggan |
| Pagbasa | : | nakababasa ng mga pantig na may 3 letra |
| Pagsulat | : | nakasusulat ng mga pantig at salita sa pamamagitan ng pagbakat at paggaya |
| Paglutas ng Suliranin | : | nakabibilang nang may pagitang lima-lima |

| Laging handa |
|---|

## II. PAKSA

A. Aralin 3: Paghahanda sa Panahon ng Lindol

Pangunahing Kasanayan sa Pakikipamuhay: kasanayan sa mabisang komunikasyon, kritikal na pag-iisip, at paglutas sa suliranin



B. Kagamitan: modyul, tula, larawan

## III. PAMAMARAAN

A. Panimulang Gawain

1. Balik-Aral

   - Ipakita sa buong klase ang mga ginawang poster ng mga mag-aaral.
   - Hayaang ipaliwanag ng bawat mag-aaral ang kanilang ginawang poster na tumutukoy sa paghahanda sa panahon ng baha.

2. Pagganyak

   - Ipakita ang larawan sa “Paghahanda sa Panahon ng Lindol” sa pahina 48.

   - Itanong:
     - Ano-ano ang nakikita sa larawan?
     - Bakit mahalaga ang paghahanda sa lindol?

B. Panlinang na Gawain

**Pagbasa**

1. Paglalahad

   - Babasahin ng tagapatnubay ang tula sa Pakinggan Natin, pahina 49.

- Itanong:
  - Ano ang iba't ibang sitwasyon na nangyayari kapag may lindol?
  - Ano ang mensahe ng tula sa atin?
  - Ayon sa tula, ano ang dapat nating gawin kapag may lindol?
- Pabuksan ang modyul sa Pag-usapan Natin sa pahina 50-51.
- Bigyan ng ilang minutong pagsusuri ng larawan ang mga mag-aaral.

- Itanong
  - Kayo ba ay nakaranas na ng isang malakas na lindol? Ipakwento.
  - Ano-anong paghahanda sa panahon ng lindol ang ipinakita sa bawat larawan?
  - Ipaisa-isa. Maaaring ipasulat sa *meta cards* o sa pisara.

2. Pagtalakay

- Talakayin ang mga tala o sagot ng mga mag-aaral ukol sa paghahanda sa panahon ng lindol.
- Pangkatin sa tatlo ang klase. Upang higit na maunawaan ang talakayan magkaroon ng *role play*.

  Pabunutin ang isa sa mga miyembro ng pangkat. Anuman ang kanilang mabubunot ay kanilang isasadula.



Sitwasyon 1 Pagtatago sa ilalim ng mesa o saan mang ligtas na lugar

Sitwasyon 2 Paglikas sa tahanan

- Bigyan ng sapat na oras sa paghahanda.
- Ipasadula at talakayin ang mga ipinakita.
- Ipaisa-isa muli ang mga paraan sa paghahanda. Punan ang *web* upang mas madaling mailahad ang napag-aralan.

  Mga
  Paghahanda
  sa Panahon
  ng Lindol

- Pabuksan ang modyul sa Basahin Natin sa pahina 52-54.
- Ipabasa ang mga pangungusap
  Ipabasa ang mga parirala
  Ipabasa ang mga salita at pantig
- Gabayan ang mga mag-aaral. Maaaring *echo reading* ang gawing pamamaraan.
- Ipabasa rin nang maramihan o isahan.

3. Paglalahat

- Ipabasa ang Tandaan Natin sa pahina 56.
- Magbigay pa ng karagdagang impormasyon tungkol sa paghahanda sa panahon ng lindol.

- Sabihin

  Dapat din nating tandaan na kapag may mga ganitong sitwasyon o pangyayari, mahalagang maging mahinahon sa lahat ng pagkakataon at huwag agad matakot upang makapag-isip ng tamang gagawin.

4. Paglalapat

- Basahin at ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto.
- Pasagutan ang Subukin Natin sa pahina 57.
- Iwasto ang mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto, pahina 31.
- Bigyan ng pagsasanay sa pagsulat at pagkwenta ang mga mag-aaral.
- Muling ipabasa ang mga salitang nabuo sa Subukin Natin. Isulat sa pisara ang mga salita.
- Ipakita ang isang halimbawa ng pagsulat sa pamamagitan ng pagsulat ng mga letra sa pisara.
- Ipagaya ang mga salita sa isang malinis na papel.
- Gawin ang Isulat Natin sa pahina 58-59.
- Suriin ang mga isinulat ng mga mag-aaral.



- Itanong:

  Ilang palapag ang inyong tahanan? Sa inyong pamayanan, mayroon bang matataas na gusaling nakatayo? Ilang palapag?

  Sa inyong palagay, ito ba'y delikado sa panahon ng lindol?
- Sabihin:

  Tandaan natin na kapag tayo ay nasa mataas na gusali dapat tayong lumabas dito nang maayos. Maaaring isahan, dalawahan o tatluhan.
- Magkaroon ng *drill* ng dapat gawin kung may lindol.
- Maaaring magpalaro muna ng "The Boat is Sinking."
- Pagkatapos ng laro, magpakita ng *flash cards*.
- Ituro ang pagkakasunod-sunod ng pagbilang nang limahan.
- Pasagutan o pahulaan ang mga numerong nawawala.

  Halimbawa:

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 60 | | 70 | | 80 | | 90 |

- Magbigay ng iba pang halimbawa
- Itanong:
  - Anong bagay sa ating tahanan o *center* ang binibilang nang limahan?

    Sagot: relo o orasan

- Maaaring talakayin ang mga numero sa orasan o relo. Ipaliwanag ang pagbasa nito.
- Subukin ang mga mag-aaral sa Pag-aralan Natin. Ipagawa ang pagsasanay sa pahina 63-64.
- Gabayan ang mga mag-aaral. Iwasto ang kanilang sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto.

## IV. PAGTATAYA

- Pasagutan ang Alam mo na ba? sa pahina 62-65.

## V. KARAGDAGANG GAWAIN

- Magpagawa ng mga babala o paalala na maaaring idikit o ipaskil na nagsasabi kung paano dapat maghanda sa pagdating ng lindol. Halimbawa, ilagay ang dalawang kamay sa ulo habang lumalabas ng tahanan o gusali.



**Aralin 4**

# Paghahanda sa Pagputok ng Bulkan

**Pagkamaagap, Pagkamaingat, at Pagiging Malakas ang Loob**

## I. MGA LAYUNIN

| | | |
|---|---|---|
| Pakikinig | : | Naipaliliwanag ang patalastas na narinig |
| Pagsasalita | : | Naipaliliwanag ang sariling kuro-kuro ukol sa larawang nakita |
| Pagbasa | : | Nakababasa ng mga pantig at pangungusap |
| Pagsulat | : | Nakasusulat ng mga pantig at salita sa pamamagitan ng pagbakat at paggaya |
| Paglutas ng Suliranin | : | Naipaliliwanag ang konsepto ng pagdaragdag |

Laging handa

## II. PAKSA

A. Aralin 4: Mga Paghahanda sa Pagputok ng Bulkan

Pangunahing Kasanayan sa Pakikipamuhay: kasanayan sa mabisang komunikasyon, kritikal na pag-iisip, at paglutas sa suliranin

B. Kagamitan: modyul, larawan, *flash card*

## III. PAMAMARAAN

A. Panimulang Gawain

1. Balik-Aral

- Pagbalik-aralan ang tungkol sa paghahanda kung may lindol.
- Pumili ng 5 mag-aaral at ipaawit ang ginawang awit tungkol sa paghahanda sa panahon ng lindol.
- Ipaliwanag ang mga mensahe ng mga awit.

2. Pagganyak

- Ipakita ang larawan sa "Paghahanda sa Pagputok ng Bulkan" sa pahina 66.

- Itanong:
  - Ano-ano ang ginagawa ng lalaki sa larawan? Bakit kaya?
  - Bakit mahalaga ang paghahanda sa pagputok ng bulkan?
  - Dapat ba tayong matakot kapag may ganitong mga babala? Ipaliwanag ang iyong sagot.



B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad


- Babasahin ng tagapatnubay ang patalastas sa pahina 67.

- Itanong:
  - Ano ang ipinahahayag ng patalastas?
  - Malinaw ba ang patalastas upang magbigay ng babala sa pagputok ng bulkan?
  - Ano kaya ang nasa isip ng mga nakatira sa malapit sa bulkan?
  - Ano-ano ang ginagawang paghahanda ng mga taong nakatira sa malapit sa bulkang aktibo?
  - Paano kaya madaling makalilikas ang mga taong ito?

2. Pagtalakay

- Iayos nang pabilog ang mga mag-aaral.
- Gawin ang "circle response".
- Gamiting gabay ang mga tanong sa ibaba:
  - Ano-anong paghahanda ang dapat nating gawin sa pagputok ng bulkan? Isa-isahin.
- Pagkatapos ng lahat, pabuksan ang modyul sa pahina 68-69.

- Ipalarawan ang mga paghahandang ipinakita rito.
- Maaaring isulat sa pisara sa anyong *web* ang mga sagot ng mag-aaral.



- Matapos maisulat, ipabasa nang sabay-sabay. Talakayin.
- Ipabukas ang modyul sa Basahin Natin sa pahina 70-76.
- Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbasa ng pangungusap, parirala, salita, at pantig.
- Ipasuri rin ang bilang ng mga pantig ng bawat salitang binasa.
- Maaaring ipabasa muli nang sabay-sabay o isahan.



3. Paglalahat

- Hayaang magbigay o magpahayag sila ng kanilang natutuhan sa pamamagitan ng pagdugtong sa pariralang "Sa araw na ito, ang aking natutuhan ay __________________"
- Ipabasa ang Tandaan Natin sa pahina 77.

4. Paglalapat

- Pasagutan ang Subukin Natin sa pahina 78-80.
- Iwasto ang mga sagot sa tulong ng tagapatnubay gamit ang Susi sa Pagwawasto.
- Bigyan ng pagsasanay sa pagsulat at pagkukwenta.

A. Pagsulat

- Magpakita ng mga salitang may kaugnayan sa paksang tinalakay.
  bulkan sabog
  daluyan putok
- Subuking ipabasa.
- Magpakita ng halimbawa sa pagsulat nang pabakat.
- Tumawag ng mag-aaral at pasubukin na sumulat sa pisara.

- Bigyan ng pagsasanay ang mga mag-aaral. Ipagawa ang Isulat Natin sa pahina 81-82.
- Suriin ang mga isinulat.

B. Pagkukwenta

- Itanong:
  - Ilang bulkan ang inyong nalalaman? Maaari ba ninyong ibigay ang mga pangalan?
  - Sakaling mananatili kayo sa isang *evacuation center* sa loob ng tatlong araw dahil sa pagputok ng bulkan, ilang piraso ng damit ang inyong ihahanda? Ilang piraso ng de latang pagkain ang inyong bibilhin?
- Isulat sa pisara ang mga bilang ng sagot ng mga mag-aaral.


- Sabihin

  Halimbawa na magdadala ka ng 6 na piraso ng damit sa loob ng tatlong araw at daragdagan ko pa ito ng 3 piraso ng damit, ilan lahat ang iyong damit?

- Ipakita ang paraan ng pagdaragdag. **6+3=9**
- Magbigay pa ng ilang halimbawa.
- Ipaliwanag ang konsepto ng pagdaragdag.



Halimbawa:



- Itanong:
  - Ano ang kahalagahan ng pagdaragdag?
  - Bakit kailangan nating matuto ng konsepto ng pagdaragdag?

- Pabuksan ang Kwentahin Natin sa pahina 83 bilang pagsasanay.
- Iwasto sa tulong ng tagapatnubay gamit ang "Susi sa Pagwawasto."

**IV. PAGTATAYA**

- Ipasagot ang Alam mo na ba? sa pahina 86.

**V. KARAGDAGANG GAWAIN**

- Magpasulat ng isang balita tungkol sa pagputok ng bulkan.
  Ipaulat sa muling pagkikita.

## Susi sa Pagwawasto

### Aralin 1

**Subukin Natin** *pahina 11*

1. p a y o n g
2. s a l a k o t
3. k a p o t e
4. s u w e t e r
5. r a d y o

*pahina 12*



1. 
2. 
3. 

1 → kapote

2 → bota

3 → payong



4. 
5. 

4 → suweter

5 → salakot

**Alam mo na ba?** *pahina 19-26*

A. payong
kapote
salakot
suweter
radyo

B. payong
salakot
kapote
suweter
umuulan

C. p a y o n g
s a l a k o t
r a d y o
s u w e t e r
k a p o t e

D. 6
7
8

E. 1. √
2.
3. √
4. √
5. √

**Aralin 2**

**Subukin Natin** *pahina 38*

A. 1. √
2. x
3. x

**Alam Mo Na Ba?** *pahina 44-47*

| | | | |
|---|---|---|---|
| A. | bundok | lubid | tanim |
| | ilog | bahay | tulay |
| | hayop | ulan | bagyo |

B.

| | |
|---|---|
| a. payong | d. salakot |
| b. suweter | e. kapote |
| c. bota | |



C. 1. √
2.
3. √
4. √
5. √

**Aralin 3**

| | | | |
|---|---|---|---|
| A. | bumag s a k | tumal s i k | nama t a y |
| | naku l o n g | bumag s a k | nabi y a k |
| | nai p i t | nawa s a k | nahu l o g |

**Alam Mo Na Ba?** *pahina 62*

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | (maipit, | makulot, | maligo) |
| 2. | (maglaro, | maputol, | matulog) |
| 3. | (malunod, | maunat, | malibang) |
| 4. | (mawasak, | mabuo, | mabigo) |
| 5. | (tumalsik, | bumigat, | kumain) |

D. *pahina 65*

X 1. mamasyal sa matataas na lugar
√ 2. tumakbo sa mahawan na lugar
√ 3. lumayo sa matataas na gusali
√ 4. magtago sa ilalim ng mesa
√ 5. manalangin

**Aralin 4**

A. *pahina 78*

1. (bubung, bunga, bungi)
2. (daloy, duma, duda)
3. (asa, isip, iwas)
4. (puto, pata, putok)
5. (kulo, kuko, ulo)

B. *pahina 79*

1. apoy
2. sakuna
3. mapahamak
4. alon

C. *pahina 80*

1. lubak, ulan
2. duyan, luya
3. puto, kuto
4. dalo, layo

**Kuwentahin Natin** *pahina 83*

2 + 2 = 4
3 + 5 = 8
1 + 4 = 5
1 + 5 = 6
2 + 3 = 5

**Subukin Mo** *pahina 85*

2 + 4 = 6
3 + 3 = 6



**Alam Mo Na Ba?**

A. *pahina 86*

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Mali
5. Tama

C. *pahina 88*

1. 9
2. 8
3. 9
4. 9